Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 29 SETYEMBRE 1997, IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG MARASKA, ROXAS, SIL. MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Honesto O. Taytay

KAPASYAHAN BLG. 063
Taong 1997

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG MARASKA AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro minsan sa isang buwan ay nagdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang huling sesyon sa buwang ito ay ginanap sa Barangay Maraska ngayong Setyembre 29, 1997;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Maraska, gayundin ang mga mamamayang nagnanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Maraska at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamunuan ng Maraska sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong ngayong Setyembre 29, 1997.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Maraska at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos at pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Setyembre 29, 1997.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Maraska, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Jerry Sim, Punong Barangay para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: Setyembre 29, 1997

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATIBIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. MASON
Punong Bayan

mers/
093097

Jerry Sim
Punong Barangay
10/07/97